

MENSAHE NG AREA PRESIDENCY



LITRATO IPINAGKALOOB NG CHURCH MEDIA LIBRARY

# Pakikinig at Pagsunod sa Tinig ng mga Propeta



Ni Elder
Larry J. Echo Hawk
Area Presidency

*Mapalad din tayong magkaroon ng mga salita ng ating mga propeta sa makabagong panahon na nagsasabi sa atin kung ano ang gusto ni Jesucristo na marinig natin. Ang pagsunod sa mga salita ng mga propeta ng Panginoon ay gagabay rin sa atin tungo sa walang-hanggang kagalakan.*

Mababasa sa centerpiece ng Mga Mithiin ng Philippines Area para sa 2014: "Magpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo; sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin." Ang talatang ito ay mula sa Aklat ni Mormon, Isa Pang Tipan ni Jesucristo (2 Nephi 32:3).

Malaking pagpapala ang makamtan ang mga salita ni Cristo na nasa Aklat ni Mormon, bilang karagdagan sa Kanyang mga salita na nasa iba pang mga banal na kasulatan. Inaanyayahan tayo ng Mga Mithiin ng Philippines Area para sa 2014 na magkaroon ng personal at pampamilyang pag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw. Sa ating "pagpapakabusog sa mga salita ni Cristo" na matatagpuan sa mga banal na kasulatan makakagawa tayo ng mas magagandang desisyon habang tayo'y nabubuhay. Malalaman natin ang dapat nating gawin upang lumigaya at magtamo ng buhay na walang hanggan sa piling ng ating pamilya.

Bukod sa mga salita ni Cristo na nasa mga banal na kasulatan, mapalad din tayong magkaroon ng mga salita ng ating mga propeta sa makabagong panahon na nagsasabi sa atin kung ano ang gusto ni Jesucristo na marinig natin. Ang pagsunod sa mga salita ng mga propeta ng Panginoon ay gagabay rin sa atin tungo sa walang-hanggang kagalakan.

Convert ako sa Simbahan. Nabinyagan ako sa edad na 14. Anim na linggo pagkaraan ng binyag ko, isinaayos ng mga missionary na nag-convert sa pamilya ko na makadalo kami sa Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan sa Salt Lake City, Utah.

Inasam ko noon na makita ang buhay na propeta ng Panginoon, si David O. McKay. Sa kasamaang-palad, hindi kami nakarating sa oras sa temple square para makakuha sana ng upuan sa loob ng Tabernacle. Gayunman, nalaman namin nang makausap namin ang mga taong nakatayo sa labas ng Tabernacle na lalabas si Pangulong David O. McKay sa isang pintuan pagkatapos

ng sesyon sa Pangkalahatang Kumperensya. Gusto kong makita ang propeta ng Panginoon, ngunit napakaraming tao sa labas ng pintuan.


LITRATO IPINAGKALOOB NG CHURCH MEDIA LIBRARY

Sa tulong ng aking mga kapatid inakyat ko ang mataas na pader na nakapaligid sa temple square at pumuwesto sa lugar kung saan ko makikita si Pangulong McKay paglabas niya ng pintuan ng Tabernacle. Paglabas niya nakita ko sa unang pagkakataon sa buhay ko ang isa sa mga propeta ng Panginoon. Tumingin siya sa akin at ngumiti; at kumaway sa akin. Nang kawayan ko siya, may nadama ako kaagad na kakaiba. Nalaman at nadama ko na siya ay tunay na isang propeta sa makabagong panahon.

Magmula noon nagkaroon na ako ng maraming pagkakataong makasama ang mga propeta at apostol ng Panginoon sa makabagong panahon. Sa bawat pagkakataon ay may nadama akong kakaiba. Pinatotohanan sa akin ng Espiritu na tinawag sila ng Diyos upang sumaksi sa katotohanan ng ebanghelyo sa mga huling araw na ito.

Noong Pebrero 3, 2012 tinawag akong maglingkod bilang miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu. Sinang-ayunan ako sa Sesyon sa Sabado ng Hapon ng Pangkalahatang Kumperensya na idinaos noong Marso 31, 2012. Hindi nagtagal pagkatapos niyon naatasan akong samahan ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol sa mga stake conference sa Estados Unidos para maturuan nila ako kung paano mamuno sa isang stake conference. Minsan nakatabi ko sa upuan si Elder Neil L. Andersen sa eroplano nang maglakbay kami mula Salt Lake City patungong Portland, Oregon. Itinuro niya sa akin ang kahalagahan ng pagpapakabusog sa mga salita ni Cristo. Pinayuhan niya ako tungkol sa kahalagahan ng araw-araw na personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan.  Pagkatapos ay dumukot siya sa kanyang portpolyo at naglabas ng isang kopya ng magasing Ensign na naglalaman ng mga mensaheng ibinigay sa pinakahuling Pangkalahatang Kumperensya. Napansin ko na may kakaiba sa kopya niya ng magasin. May mga colored tab na nakadikit sa bawat mensahe ng 15 propeta at apostol. Gumamit siya ng isang kulay para markahan ang mga mensahe ng mga miyembro ng Unang Panguluhan at ibang kulay naman para sa Korum ng Labindalawa.

Pagkatapos ay binuklat ni Elder Andersen ang magasing *Ensign* at ipinakita sa akin na nilagyan niya ng highlight ang mahahalagang kataga ng mga mensahe gamit ang isang colored marker. Sabi niya: “Kailangan kong malaman kung ano ang gustong sabihin ng Panginoon sa atin sa pamamagitan ng tinig ng Kanyang mga propeta.” Nang sabihin niya ito nakintal ito sa aking isipan. Naunawaan ko na kailangan nating pakinggan ang tinig ng ating mga propeta at pagkatapos ay paulit-ulit na basahin ang nakalimbag nilang mga salita. Sa paggawa nito madaragdagan natin ang ating kaalaman sa mga salita ni Jesucristo na nasa mga banal na kasulatan, mula sa mga turo ng mga propeta sa makabagong panahon.

Sa Bahagi 21 ng Doktrina at mga Tipan itinuturo sa atin na ang mga salitang ibinigay sa atin ng mga propeta at apostol ni Jesucristo ay napakahalaga. Sa pagtukoy sa propetang si Joseph Smith, ang sabi sa mga talata 5 at 6: “Sapagkat ang kanyang salita ay inyong tatanggapin, na parang mula sa sarili kong bibig, nang buong pagtitiis at pananampalataya. Sapagkat sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na ito ang pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa inyo; oo, at itataboy ng Panginoong Diyos ang mga kapangyarihan ng kadiliman mula sa harapan ninyo, at payayanigin ang kalangitan para sa inyong ikabubuti, at sa ikaluluwalhati ng kanyang pangalan.”

Nabubuhay tayo sa mapanganib na panahon kung kailan nais ng kaaway na linlangin at iligaw tayo sa ating landas patungo sa buhay na walang hanggan at kadakilaan. Kailangan nating pag-aralan ang mga banal na kasulatan, at pakinggan at sundin ang mga salita ng ating mga propeta at apostol sa makabagong panahon.

Sa darating na Pangkalahatang Kumperensya sa Abril 2014 dalangin ko na pakinggang mabuti ng mga miyembro sa Pilipinas ang mga salitang bibigkasin ng mga kapatid at paulit-ulit na basahin ang kanilang mga mensahe kapag inilimbag na ito sa *Liahona*. Kailangan talaga tayong “magpakabusog sa mga salita ni Cristo” sa pamamagitan ng pakikinig, pagbabasa at pag-aaral, at pagkatapos ay pagsunod sa tinig ng ating mga propeta ngayon. ■



LITRATO KUHA NI EDWIN REDRINO

## Mga Tinig ng mga **LDS sa Pilipinas**

# Ano ang Kadalisayan ng Puri?

"Ang kadalisayan ng puri ay paraan ng paghahanda para sa pagbuo ng matatag na samahan ng mag-asawa at tuparin ang plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit. Kabilang sa kadalisayan ng puri ang hindi pakikibahagi sa maalab na halikan, pagpatong sa katawan ng ibang tao o paghipo sa mga sagradong bahagi ng katawan ng iba. Kasama rin dito ang hindi paggawa ng anuman o pagsali sa mga pag-uusap na makakapukaw sa seksuwal na damdamin ng tao. Kung dalisay ang iyong puri, tutulungan at aakayin ka ng Espiritu Santo sa paggawa ng mga tamang desisyon. Magkakaroon ka ng tiwala sa sarili at liligaya ka at makakaya mong labanan ang tukso. Nagpapakita tayo ng paggalang sa ating Ama sa Langit at sa ating sarili kung sinusunod natin ang sagradong kautusan na ito. Maaari ka ring maging halimbawa sa iba na ang kadalisayan ng puri ay mahalaga at mahalaga sa iyo ang kinabukasan mo. Ang pagiging bakla at tomboy ay mabigat na kasalanan din. Hindi tayo dapat mahiya kung dalisay ang iyong puri, dahil ang kadalisayan ng puri ay tutulungan tayong maghanda ng isang walang-hanggang pamilya na aakay sa atin tungo sa walang-hanggang kaligayahan."



**Josh B.,** 16 na taong gulang
*Butuan Philippines Stake*

"Ang kadalisayan ng puri ay pagiging malinis sa katawan, isipan at espiritu. Ito ay pananatiling dalisay sa isipan at kilos, hindi paglayo sa mga turo ng Simbahan at pagpapatangay sa mga maling gawain ng iba."



**Alma Rhee S.,** 16 na taong gulang
*Butuan Philippines Stake*

"Ang kadalisayan ng puri bago ikasal ay napakahalaga. Ito ay isang utos na maaaring maging gabay natin kapag nanatili tayong dalisay at tapat sa ating mga tipan."



**Vince P.,** 14 na taong gulang
*Butuan Philippines Stake*

"Ang pagiging malinis at dalisay bago ikasal kahit binatilyo ako ay isang katangiang maka-Diyos. Mapalad tayo na mayroon tayong polyetong-*Para sa Lakas ng mga Kabataan* bilang ating gabay upang maiwasan ang anumang seksuwal na kasalanan bago ikasal."



**Jonhrie C.,** 16 na taong gulang
*Butuan Philippines Stake*

"Kasama sa kadalisayan ng puri ang huwag makipaghalikan, huwag humipo ng maseselang bahagi ng katawan ng isang tao. Kapag

*Hindi tayo dapat mahiya kung dalisay ang iyong puri, dahil ang kadalisayan ng puri ay tutulungan tayong maghanda ng isang walang-hanggang pamilya na aakay sa atin tungo sa walang-hanggang kaligayahan.*



dalisay ang ating puri hindi tayo mahihiya sa harap ng Diyos at maaanyayahan natin ang Espiritu Santo."



**Shien T.,** 17 taong gulang
*Butuan Philippines Stake*

"Lagi nating makakasama ang Espiritu Santo kapag dalisay ang ating puri. Nagkakaroon tayo ng tiwala sa sarili sa pagharap sa ibang tao. At kung matagpuan mo na ang iyong makakasama sa kawalang-hanggan maaari kayong pumasok sa templo at ikasal doon. Matatanggap natin ang mga ordenansa sa templo at magkakasama-sama ang pamilya mo magpakailanman balang-araw. Maging marangal na dalaga."



**Ellen Mae J.,** 16 na taong gulang
*Butuan Philippines Stake*

# Bago Ikasal

Ni Ma. Teresa Canadalla-Pangilinan

"Maging marangal nawa sa lahat ang pagaasawa, at huwag nawang magkadungis ang higaan: sapagka't ang mga mapakiapid at ang mga mapangalunya ay pawang hahatulan ng Dios." (Sa mga Hebreo 13:4)

Sa mundo ngayon, ang kadalisayan ng puri ay isang makalumang ideya. Ito ang ideyang ginagamit ni Satanas, lalo na sa mga kabataan o kahit sa mga taong may-asawa na o nakatakda nang ikasal.

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball na ang pagpapahayag ng ating kapangyarihang magkaanak ay kalugud-lugod sa Diyos, ngunit iniutos Niya na dapat lang itong mangyari sa loob ng bigkis ng kasal. Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball na 'sa konteksto ng legal na kasal, ang pagtatalik sa seksuwal na relasyon ay tama at pinahihintulutan ng langit … walang masama o nakakahiya sa seksuwalidad mismo, sapagkat dito nagtutuwang ang mga lalaki at babae sa proseso ng paglikha at sa pagpapahayag ng pag-ibig. (The Teachings of Spencer W. Kimball, ed. Edward L. Kimball, 1982, p.311).

Pakinggan natin ang ginagawa ng mga magkasintahang nagdedeyt para mapanatiling dalisay at banal ang kanilang sarili sa mga mata ng Tagapagligtas at mas mapatatag din ang kanilang relasyon:

Bilang magkasintahang naghahanda para sa selestiyal na kasal, minithi naming manatiling dalisay ang puri sa pamamagitan ng laging pagdarasal at pag-aaral ng mga banal na kasulatan nang magkasama. Napakagandang may matutuhang bago mula sa iyong kasama. Talagang makakatulong ito para patatagin ang inyong relasyon. Ang pagkanta ng mga awitin ng simbahan ay nag-aanyaya sa espiritu tuwing magkasama kami. Malaking tulong din ang palagiang pagbisita sa templo!



**Francis Jared B. Garcia**
*Tarlac Philippines Stake*

"Nakasaad sa I Kay Timoteo 4:12 "… ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan." Ipinapahayag naming magkasintahan ang aming pag-ibig at paggalang sa aming mga salita at pag-uusap. Para sa amin, ang mga paksang pinag-uusapan namin, mga ideyang ibinabahagi namin at mga salitang ginagamit namin ay mga paraan para maging dalisay at malinis ang



aming panloob at panlabas na kaanyuan. Mababanaag sa ating mga salita kung sino tayo. Matutulungan tayo ng mabuting komunikasyon na magkaroon ng tiwala sa sarili at tunay ring lumigaya. Inaanyayahan nito ang Espiritu na tulungan tayong gumawa ng mabubuting desisyon, magkaroon ng malinis na isipan at maging marangal na tao.



**Tristan Adao**
*San Pablo Philippines Stake*

Kami ni Merlina ay hindi nanonood ng sine nang kami lang dalawa, hangga't maaari may kasama kaming iba. Dumadalo kami sa mga aktibidad ng Simbahan at nakikinig sa mga mensahe lalo na sa mga paksa ukol sa kadalisayan ng puri. Iginagalang ko siya at siya ang gusto kong maging ina ng aking magiging mga anak.



**Alvin A. Doricarion**
*Makati East Philippines Stake*

Bilang magkasintahan alam namin ang mga negatibong puwersa ng mundong ito. Bunga nito nagtakda kami ng mga mithiin at nagplanong manatiling walang bahid-dungis sa mundo. Sinisikap naming magpakabuti pa sa araw-araw sa pamamagitan ng paghahanap ng espirituwal na karanasan bawat araw. Magkasama naming tinatalakay ang mga talata sa banal na kasulatan. Alam namin na dapat naming ireserba ang gayong pagtatalik pagkatapos ng kasal kaya't sinisikap naming tulungan at paalalahanan ang isa't isa na manatiling malinis at dalisay ang aming mga salita, isipan at kilos sa abot ng aming makakaya. Kinakanta rin namin kaagad ang "If the Savior Stood Beside Me" kapag nag-iiba ang takbo ng aming isipan. Sa gayon, lagi naming naaalala kung sino kami at nakikita ang mga himala at pagpapalang nagpapatatag sa aming kaugnayan sa ating Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo."



**Maria Alysa Ramos**
*Dasmarinas Philippines Stake*

"Pinag-aaralan namin ni James ang mga banal na kasulatan araw-araw kahit magkalayo kami sa ngayon gamit ang teknolohiyang pinalad kaming magkaroon. Hindi namin nalilimutan ang aming mithiin: ang templo."



**Carla Lucy Guerrero**
*QC South Philippines Stake*

Sa paghahanda mong gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan dapat kang maging responsable na protektahan ang sarili mo at ang kasintahan mo. Mahalagang maging maligaya tayo sa buhay na ito at sa kabilang buhay.

Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell ng Korum ng Labindalawa na "Dapat ay naghahanda na tayo ngayong mabuhay sa mas magandang daigdig … napakahalaga ng buhay na ito, ngunit napakaikli lamang nito. At kung masyado tayong madaling makibagay sa mga gawain ng panandalian at puno ng kamaliang mundong ito, hindi tayo ihahanda ng pakikibagay na iyon mismo para sa kabilang buhay—isang buhay na tatagal magpakailanman! Kaya pala ang mga lumalabag sa kautusang ito ay "kulang sa pang-unawa."

Dapat ay lagi tayong maging karapat-dapat, mamuhay nang malinis at maging tapat bago o pagkatapos tayong ikasal. ■

*Alam namin na dapat naming ireserba ang gayong pagtatalik pagkatapos ng kasal kaya't sinisikap naming tulungan at paalalahanan ang isa't isa na manatiling malinis at dalisay ang aming mga salita, isipan at kilos sa abot ng aming makakaya.*



LITRATO KUHA NI FELVIR ORDINARIO

## Mga Mithiin ng Philippines Area

# Ibahagi ang Ebanghelyo at Sagipin ang Nawawala

### Bahagi ng Pagpapabilis ng Gawain

Ni Marites Manjares
*Legazpi Philippines Stake*

Nang mabinyagan ako, nagpasiya ako na gusto kong ipakita sa Ama sa Langit kung gaano kalaki ang pasasalamat ko sa Kanyang pagmamahal at sa pagpapalang maging bahagi ng Kanyang Simbahan. Nagpasiya ako na makakatulong ako sa Kanyang gawain sa pamamagitan ng pagsama sa mga missionary.

Bilang ina ng apat na anak, abala ako noon sa mga gawaing-bahay pero determinado akong sumama sa mga sister missionary tuwing may pagkakataon. Kung minsan nag-iiskedyul kami habang nasa lingguhang ward coordination meeting at kung minsan naman ay nagte-text sila sa akin kapag kailangan nila ng fellowshipper sa mga investigator na tinuturuan nila. Kasama ang kapwa ko mga Relief Society sister, nagsisimula kaming tumulong sa kanila sa umaga hanggang sa makauwi ang mga bata mula sa eskuwela. Medyo



malaki ang sakop ng aming ward at kung minsan ay puro lakad lang kami. Nang babaan ang edad para makapagmisyon at nagkaroon kami ng tatlong pares ng mga missionary sa aming ward, naging mas regular ang pagsama ko sa kanila. Dahil mas maliit na ngayon ang sakop ng mga sister, napakadali nang magturo nang 2-3 oras bawat linggo dahil malapit sa amin ang tirahan ng mga taong tinuturuan namin. Mas madali ko na ring ma-follow up ang mga tinuturuan namin, kahit hindi ko kasama ang mga missionary.

Ang pamilya ko'y napagpala ng ebanghelyo, at mas marami pa akong natanggap na pagpapala sa pagsama ko sa mga missionary. Kung minsan isinasama ko ang mga anak kong babae at napagpala rin sila. Ang pangalawa kong anak na babae na si Astrid ay 17 ngayon at lumago na ang pag-unawa niya sa ebanghelyo. Ang bunsong anak kong babae na si Jade ay magwawalong taon at sabik nang mabinyagan.

Alam ko na kapag binigyan natin ng panahon ang pagtulong sa gawaing misyonero, makikita natin na posibleng maging bahagi ng pagpapabilis ng gawain ng kaligtasan, magkakaroon tayo ng panahong kailangan natin at pagpapalain tayo.

## Biglaang Tulong

Elder Masula at Elder Smith
*Quezon City Philippines Mission*

Nadestino kami sa mission office at kung minsa'y nahihirapan kaming lumabas at magturo matapos ang abalang maghapon sa opisina. Isang araw may nagbigay sa amin ng referral na bisitahin ang isang matandang lalaking nakatira malapit sa bahay ng isang miyembro. Hindi pa namin siya nabibisita pero habang naglalakad kami papunta sa isang appointment isang Linggo ng hapon, nasalubong namin ang isang returned missionary na kaibigan namin. Nadama namin na dapat naming bisitahin ang matandang lalaking pinapupuntahan sa amin noong nakaraang linggo. Napakiramdaman naming hilingin sa returned missionary na samahan kaming bisitahin ang referral at pumayag naman siya kaagad.

Inabutan namin ang aming referral na nanonood ng basketball game sa bahay nila at ang nakakagulat, pinatuloy niya kami at pinag-usapan namin ang Simbahan. Dahil may ginagawa siya, binigyan niya kami ng 10 minuto para turuan siya. Parang hamon iyon sa una, at nang mapag-usapan namin ang tungkol sa mga pamilya, nagsimula siyang magtanong tungkol sa mga paghahayag na natanggap ni Propetang Joseph Smith. Kalaunan napunta ang usapan namin sa templo at sa kaugnayan nito sa mga pamilya, dahil nadama namin na talagang mahalaga sa kanya ang kanyang pamilya at nais niyang makapiling silang muli. Lalampas na kami sa oras na itinakda niya at pumayag siyang habaan pa ang oras. Bilang mga missionary, hindi namin masagot ang lahat ng tanong niya. Gayunman, may miyembro



*Alam ko na kapag binigyan natin ng panahon ang pagtulong sa gawaing misyonero, makikita natin na posibleng maging bahagi ng pagpapabilis ng gawain ng kaligtasan, magkakaroon tayo ng panahong kailangan natin at pagpapalain tayo.*

kami na tumulong na masagot ang kanyang mga tanong sa amin. Ang kaibigan naming returned missionary at ang referral namin ay may ilang karanasang magkakatulad at madali silang nagkaunawaan. Nadama namin ang Espiritu nang ibahagi ng aming kaibigan ang kanyang patotoo at kung paano niya nalaman na ang Simbahan ay totoo. Ang 10-minuto naming pag-uusap ay naging 30-minutong talakayan at pinabalik kami ng aming referral nang sumunod na Linggo.

Dahil handang tumulong nang biglaan ang kaibigan namin at handa siyang ibahagi ang kanyang karanasan ayon sa inspirasyon ng Espiritu, may bago na kaming investigator. Sa mga panahong ito kung kailan pinabibilis ng Panginoon ang Kanyang gawain ng kaligtasan, mahalaga ang member missionary work. Alam natin na bukod sa mga referral na ibinibigay ng mga miyembro sa mga missionary, tutulong ang mga miyembro sa mga missionary sa kanilang gawain, at kapag pinili ng mga miyembro na pakinggan ang Espiritu, tutulong silang maisakatuparan ang mga walang-hanggang layunin ng Panginoon.



LITRATO KUHA NI FELVIR ORDINARIO

## Referral sa Valentine

Ni Charisse Mae V. Tibule
*Pasig Philippines Stake*

*Kapag natanggap mo na ang liwanag na iyon, tungkulin mong tulungan din ang iba. At ang liwanag ay patuloy na magniningning hanggang sa lahat ay matanglawan ng mensahe ng ebanghelyo.*

Ang Pebrero 14 ay hindi lang isang karaniwang Valentine's day para sa akin, dahil ito ang tanda ng bagong buhay ko nang binyagan ako 11 taon na ang nakalilipas. Lahat ng biyayang natanggap ko at patuloy na tinatamasa ngayon ay pawang dahil sa desisyong iyon.

Nagsimula ito nang isang kaibigan at kaklase ang magpakita ng halimbawa sa akin , isama ako sa isang aktibidad sa simbahan, anyayahan ako sa seminary class at ipakilala sa mga missionary, makinig ako sa mga lesson at mabinyagan pagkaraan ng isang buwan. Sa mata ng isang investigator, ang pagiging Banal sa mga Huling Araw ay isang bagong daigdig na gagalawan. Magkakaroon ka ng ibang mga kaibigan, ibang mga pamantayan at lahat ay talagang naiiba. Ngunit ang isang kaibigang tulad ni Divine Grace, na tinabihan ako sa mga miting tuwing Linggo, walang-pagod na inanyayahan ako sa mga aktibidad, malayang nagpatotoo, ipinakita sa akin kung paano mas mahalin ang aking pamilya, at marami pang iba, ay ginawang makulay ang buhay sa mundong ito.

Hindi ko natanto ang laki ng tulong niya sa akin na makita ang liwanag ng ebanghelyo hanggang sa maglingkod ako bilang full-time missionary. Tunay na ang mga miyembrong tulad niya ay mga anghel na mahalaga sa pagpapabilis ng gawain ng kaligtasan dito sa mundo. Alam ko na responsibilidad ko rin iyon dahil natulungan ako noon ng isang anghel. Kapag natanggap mo na ang liwanag na iyon, tungkulin mong tulungan din ang iba. At ang liwanag ay patuloy na magniningning hanggang sa lahat ay matanglawan ng mensahe ng ebanghelyo. ■